



Mga Sanggunian:



[EAR community](#)



[Higit pa tungkol sa Microtia/Atresia](#)



[Kwento ng isang pamilya](#)



[Tingnan ang mga grado ng Microtia](#)

Microtia/Atresia

- Sa unang 20 linggo ng paglaki ng sanggol sa sinapupunan, ang lahat ng mga istraktura ng tainga ay nabubuo.
- Minsan, ang pagbuo ng istraktura ng tainga ay naaantala o hindi nakukumpleto. Ito ay maaaring humantong sa microtia at/o atresia.
- Maaaring mangyari ang microtia/atresia dahil sa mga genetic na kondisyon o syndrome, ngunit maaari rin itong mangyari nang walang dahilan.
- Ang microtia ay kapag ang panlabas na tainga ay maliit at hindi nabuo nang maayos.
- Ang atresia ay ang kakulangan ng isang ganap na nabuong kanal ng tainga, eardrum, espasyo sa gitnang tainga, at mga buto ng tainga. Ang aural atresia ay kadalasang may kasamang microtia.
- Mayroong apat na grado ng kalubhaan ng microtia:
 - Grado 1 - Ang bata ay maaaring may panlabas na tainga na mukhang maliit ngunit kadalasan ay normal, ngunit ang kanal ng tainga ay maaaring makitid o nawawala.
 - Grado 2 - Ang ikatlong ibabang bahagi ng tainga ng bata, kabilang ang earlobe, ay maaaring mukhang normal na nabuo, ngunit ang dalawang-katlo sa itaas ay maliit at malformed. Ang kanal ng tainga ay maaaring makitid o nawawala.
 - Grado 3 - Ito ang pinakakaraniwang uri ng microtia na naobserbahan sa mga sanggol at bata. Ang bata ay maaaring may hindi pa kumpleto, maliliit na bahagi ng panlabas na tainga, kabilang ang mga simula ng isang lobe at kaunting cartilage sa itaas. Sa grado 3 microtia, karaniwang walang kanal ng tainga (atresia).
 - Grado 4 - Ang pinakamalubhang anyo ng microtia, na kilala rin bilang anotia. Ang bata ay may anotia kung walang tainga o kanal ng tainga, sa isang panig man o sa dalawang panig.
- Maaaring kabilang sa mga opsyon sa paggamot ang surgical reconstruction, bagama't hindi ito karaniwang nangyayari hanggang sa lumaki ang bata kung saan ang cartilage ay mas sagana at mas madaling ma-graft.
- Maaaring irekomenda ang paglalagay ng hearing aid o Bone Anchored Hearing Aid (BAHA). Magagamit lamang ang mga hearing aid kung ang kanal ng tainga ay naroroon at nakabukas.
- Maaaring gamitin ang BAHA para sa anumang grado ng microtia at atresia.
- Ang BAHA ay lumilikha ng mga vibration ng tunog, na ipinapadala sa mga buto ng bungo patungo sa mabuto na panloob na tainga na nagbibigay-daan sa bata na makarinig.
- Para sa mga sanggol at maliliit na bata, ang BAHA ay isinusuot sa isang headband. Kapag ang bata ay mas matanda (humigit-kumulang 5 taon pataas), ang isang metal na abutment ay maaaring i-implant sa bungo sa pamamagitan ng operasyon upang ang BAHA ay maikabit at maisuot nang walang headband.
- Ang paglalagay ng mga hearing aid o (mga) BAHA at pag-enroll sa maagang interbensyon ay makakatulong na maiwasan ang mga pagkaantala sa pagsasalita at wika at makakatulong na matiyak ang mga positibong sosyal, emosyonal at pang-edukasyon na resulta.